ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Taon 3 • Blg. 6 Hunyo 18-24, 2018 • P10.00

Mail Permit No. 2C-17-05-533
Entered as 1st Class
Office of Entry: Bacoor City, Cavite

WANTED
TEACHER
Maliksi, Bacoor, Cavite
JUST CALL OR TEXT:
09171195117

## KAUNA-UNAHANG INTERNATIONAL MUSIC CHAMPIONSHIPS, KARANGALAN NG BACOOR CITY BILANG HOST



pahina 2



p.8

## Ina Alegre, nakaramdam ng pagkailang nang yakapin

## Museums evolve into educational platforms

p.4

## Jasper Concepcion Faledonia kampeon sa Meralco Chess tourney

p.6

## CAVITE GOVERNOR WELCOMES PRESIDENT DUTERTE IN THE 120th PHILIPPINE INDEPENDENCE DAY CELEBRATION

p.5

## NANGYARING KAGULUHAN SA KAWIT, OKS LANG KAY DIGONG

p.12

## 6 COMMERCIAL ESTABLISHMENTS SA BISINIDAD NG NPDC, IPINASARA

pahina 11

## VIPER PROJECT SEEN TO REINFORCE CAVITE'S DISASTER PREPAREDNESS FOR THE BIG ONE

pahina 7

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0929-8127638

HANEP
Basahin Mo Ito!



# KAUNA-UNAHANG INTERNATIONAL MUSIC CHAMPIONSHIPS, KARANGALAN NG BACOOR CITY BILANG HOST

**HINDI lamang dulot na ningning sa halip ay karangalan ang hatid sa Bacoor City, Cavite bilang host ng kauna-unahang International Music Championships 2018.**

Ang Bacoor City, na tinaguriang marching band capital ng Pilipinas, ay nakipagtambal sa Winter Guard International at Asian Marching Band Confederation para sa pagsasakatuparan ng naturang patimpalak.

Ang three-day day international marching band competition ay magsisimula sa darating na Hunyo 22 hanggang Hunyo 24.

Ito ay masasaksihan sa tatlong venue, sa mga lungsod ng Pasay, Maynila at Bacoor. Nabatid na ito ay lalahukan ng 11 international at 23 local bands.

Ang international groups ay kinabibilangan ng Big Shell Drumline, Sarabun Brass Theater by Sarawittaya, Taipei Yuehfu Drum and Bugle Corps, St. John's Institution Naval Cadet, Marching Band Listya Dwijaswara, Jember Marching Band, Marching Band Projo Taman Sari, MB Citra Derap Yogyakarta State University, Cinderella Talungagung, Vanguard Pegasus Marching Band, at Dream Drumline.

Habang ang local bands ay ang City of Bacoor Youth Composite Band, Citizen's Brigade Band of Dasmariñas; The Dragons of the Cabiao Youth Concert Band 88; Band 96 Cabiao; Banda Dos Kabataan; Banda San Jose; FEU Drumline; Sandugo Drumline; KERDLC Drumline; The Elite Drummers of Banda Kabyaw Inc.; Sandugo Guardline; Sinag Color Guards – Sicogu, United Central Color Guards;

4th Raiders Color Guards; Francisco Barzaga Memorial School Color Guards; Moonwalk Elementary School Color Guards; Lahing Kayumanggi Percussion Ensemble (by MDLC); Gonzales Ascutia National High School; Crisanto Guysayco Memorial Elementary School; Parcen Elementary School Central; Sinag Percussion; GenTri Warriors Drum and Lyre Corps; at Baclaran Elementary School Unit 1.

"The local government of Bacoor is more than proud to host the first ever WGI Philippines as it promises a new level of cultural awareness and an appreciation for the arts for our young Filipinos," pahayag ni Bacoor City Mayor Lani Mercado Revilla.

"We promise to create an unforgettable spectacle for the Philippine marching band community as we bring them closer to their contemporaries from all over the world," dagdag pa ni Mayor Revilla.

"We are more than happy and proud to be the champions of the marching band community in the Philippines," ayon naman kay Cavite 2nd District Representative Strike Revilla.

Napag-alaman na ang Bacoor City ang tanging lugar o siyudad na may mataas na bilang ng community bands at ng drum and lyre groups.

Sinabi naman ni Bacoor City Tourism Officer Edwin Guinto na nilalayon nito na iangat ang antas ng lokal na kompetisyon patungong global standards sa pamamagitan ng international competitions.

Samantala, maaaring makita o mapanood ang limampung bandang kalahok sa pamamagitan ng street parade sa kahabaan ng Gen. Evangelista St. bilang bahagi na rin ng selebrasyon ng 6th Cityhood ng Bacoor. **JB**



ANG mga lokal na opisyal ng Bacoor City government sa pangunguna nina Mayor Lani Mercado Revilla at City Tourism Officer Edwin Guinto makaraang ihayag at ipaliwanag sa mga kinatawan ng iba't ibang media entities ang tungkol sa Bacoor International Music Championships. **RS**



**SHARING HAPPINESS AND ENLIGHTHENING THE HEARTS OF HIS CONSTITUENTS THRU UGNAYAN SA BARANGAY:** Even on heavy rains, Cavite Governor Boying Remulla brought happiness and enlightened the hearts of his constituents during the Ugnayan sa Barangay Program on June 11, 2018 at Southville Phase 2 in Barangay Aguado in Trece Martires City. The governor has visited Barangay Aguado to convey happiness and inspire the residents as well as communicate with the locals to ensure that their needs were properly met. Also present during the event were former Governor Jonvic Remulla, Indang Municipal Councilor Crispin Diego Remulla, TMC Mayor Melandres de Sagun and her wife Aiza de Sagun and other city councils of Trece Martires . — **(PICAD)**

# BDCP meeting, ginanap sa Carmona

NAGING matagumpay ang isinagawang 3rd Oversight Committee Meeting hinggil sa Barangay Drug Clearing Program (BDCP) kamakailan.

Ang nasabing programa ay nasa ilalim ng Philippine Drug Enforcement Agency, Region IV-A.

Nagsilbing host ng pagtitipon ang pamahalaang bayan ng Carmona.

Lumahok sa pagpupulong ang mga pinuno o kinatawan ng mga kasaping komite.

Nabatid na kinabibilangan ito mula sa regional offices ng PDEA, Philippine National Police at Department of Health.

Kasama rin sa komite ang 'Liga ng mga Alkalde' mula sa mga lalawigan ng CALABARZON.

Tumatayong pangulo ng Mayors' Leagues ng Cavite ay si Carmona Mayor Dahlia A. Loyola.

Maayos na napag-usapan sa pagtitipon ang tungkol sa quarterly validation, certification at ang awarding para sa mga drug cleared barangays.

Tinalakay din ang iba pang kaganapan hinggil sa kampanya laban sa iligal na droga. **RS**

# 2 Cashiers kulong sa 2 lipstick at eyeliner

DAHIL lamang sa dalawang pirasong lipstick at isang eyeliner na pinag-interesan ng dalawang cashiers ng isang supermarket kaya sila nakulong sa Imus City, Cavite.

Hawak ng Imus City Police ang suspek na sina Mary Aubrey Paqueen, 26, may-asawa ng 1549 Malagasang II-A, Imus City, at Kessy Ann Lambon, 24, dalaga ng 167 Fauni Compound, Alapan I-C Imus City, dahil sa reklamo ni Jessa Revilla, 29, Customer Service Assistant ng SaveMore.

Sa report ni PO3 Tristan Tamayo ng Imus City Police Station, dakong 10:15 ng gabi nang i-turn over ang dalawang cashier sa nasabing presinto dahil sa pag-uumit ng lipstick at eyeliner sa SaveMore, Alapan Branch Imus City.

Sa imbestigasyon ng pulisya, dakong alas-2:45 ng hapon nang nagkutsabahang isilid ang dalawang 2 pirasong Careline-Matte Lipstick at 1 pirasong Careline-Liquid Eyeliner na nagkakahalaga ng P490 sa loob ng isang paper bag bago ito idineposito sa baggage counter.

Pagsapit ng kanilang coffe break, inutusan umano ng dalawa si Irene Baltzar, co-cashier na i-claim ang nasabing paper bag gayunman, napansin ang naabing mga items kaya tinanong niya kung bakit hindi ito nabayaran subalit ikinatuwiran nito na ipinakuha lamang ng dalawa na nagresulta sa pagkakaaresto nina Paqueen at Lamboon.

Kasong Qualified Theft ang isinampang kaso laban sa dalawang kahera. **GENE ADSUARA**



# KAKAMPI MO ANG BATAS

Atty. Batas Mauricio

## Trump, Kim sa Singapore: katuparan ng Bibliya

**INSPIRASYON SA BUHAY:** "... `Isulat mo sa anghel ng simbahan sa Filadelfia: `Ito ang sinasabi ng banal at mapagkakatiwalaan, ang may hawak ng susi ni David. Walang makakapagsara ng anumang binubuksan niya, at walang makakapagbukas ng anumang sinasarhan niya'..." (Pahayag 3:7, Bibliya).

-ooo-

**TRUMP, KIN SA SINGAPORE: KATUPARAN NG SINASABI NG BIBLIYA:** Pinanood ko yung livestream noong Junio 12, 2018, ng pagpirma nina US President Donald Trump at North Korean Chairman Kim Jong Un ng kasunduan upang alisin ang mga nuclear weapons ng bansa ni Kim, at hindi ko mapigilang maalala agad ang mga kalatas sa Bibliya na nagsasabing ang Diyos ang "mamagitan sa mga bansa" upang magkaroon ng kapayapaan.

Ganito ang sinasabi ng Isaias 2: "Siya (ang Diyos) ang mamamagitan sa mga bansa at magpapairal ng katarungan sa lahat ng mga tao; kaya't gagawin na nilang araro ang kanilang mga tabak, at karit naman ang kanilang mga sibat. Mga bansa'y di na magaaway at sa pakikidigma'y di na magsasanay..."

Tunay nga, sino ba naman ang mag-aakalang papayag sina Trump at Kim na magkita sa Singapore at pag-usapan ang pag-alis ng mga nuclear weapons sa North Korea samantalang ilang buwan pa lamang ang nakakaraan eh nagbabanatan sa media ang dalawang lider ukol sa pagpapalakas ng nuclear weapons nina Kim? Maliwanag na tinutupad nina Trump at Kim, he alam man nila ito o hindi, ang sinasabi ng Bibliya.

-ooo-

**PULONG NI TRUMP AT KIM, KALOOBAN NG DIYOS:** Kung naganap man ang pulong at paglagda ng isang kasunduan sa pagitan ng US at ng North Korea noong Junio 12, 2018 sa kabila ng maaanghang at tila nakakamatay ng palitan ng salita ng mga lider nito ilang buwan lamang ang nakalipas, masasabi nating ito ay kagustuhan at kalooban ng Diyos upang matupad ang Kanyang mga layunin.

Di nga ba, maliwanag ang sinasabi ng Kanyang Bibliya sa Bilang 23:19: "Ang Diyos ay di sinungaling na tulad ng tao. Anumang sabihin niya'y kanyang gagawin, kung mangako man siya, ito'y kanyang tutuparin..." Tunay nga, ang kaganapan ng pulong nina Trump at Kim ay katuparan lamang ng sinabi ng Diyos sa Isaias 2---na Siya mismo ang mamamagitan sa mga bansa.

Sabi nga, kung itinakda ng Diyos na magaganap ang isang bagay, walang sinumang makakapigil sa katuparan ng bagay na ito. Sa kabilang dako, kung itinakda ng Diyos na hindi magaganap ang isang bagay, walang sinumang makakapag-patupad sa ayaw ng Diyos matupad (Pahayag 3:7, Bibliya).

-ooo-

**PAPAANO HIHINGIN SA DIYOS ANG KANYANG PAGPAPALA?** Ang isang mahalagang tanong na dapat pag-aralang mabuti ng lahat ay ito: papaano ba papayag ang Diyos na kumilos sa kapakinabangan ng mga tao? Ang sagot po ay makikita sa maraming bahagi ng Bibliya pero mayroon ding makikitang sagot sa Isaias 2, na ganito ang sinasabi: "Umakyat tayo sa bundok ni Yahweh, sa Templo ng Diyos ni Jacob, upang maituro niya sa atin ang kanyang mga daan; at matuto tayong lumakad sa kanyang mga landas..."

Ang sikreto pala ay simple lang: magpaturo tayo sa Diyos ng Kanyang mga daan, at matuto tayong lumakad sa Kanyang mga landas.

Sa totoo lang, ganito din ang sinasabi ng Deuteronomio 28:1-14, na siyang Aklat ng mga Pagpapala ng Diyos na bubuhos kung nakikinig at sumusunod lamang ang mga tao sa Kanyang mga utos.

Ganundin ang sinasabi ni Jesus sa Mateo 7:24-25: ang mga taong makikinig at gaganap sa Kanyang mga Salita ay matutulad sa taong matalino na nagtayo ng bahay sa ibabaw ng bato. Anuman ang trahedyang dumating sa paligid, hindi mapapariwara ang taong matalino, kasi nga nakikinig at sumusunod siya sa mga Salita ni Jesus, ang ating Diyos at

Tagapagligtas na Siyang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.

-ooo-

**PARA SA MGA TANONG, REAKSIYON:** Kung mayroon pong gustong magtanong sa akin sa mga bagay na tinalakay dito o sa ibang isyu, o magsangguni ng kanilang mga problema, anuman ang problemang iyon, tawag po kayo sa 09778059058, o mag-email sa batasmauricio@yahoo.com o mag-post sa www.facebook.com/attybatas. Promise, sasagot po agad ako. Salamat sa Diyos sa Ngalan Ni Jesus, Amen!

# SALUYOT

FLORENDO CACACTIN



## Sinusundan ang yapak

NOONG director pa lamang ng National Capital Region Police Office si Philippine National Police chief Director General Oscar Albayalde ay aktibo siya sa isinasagawang surprise inspection sa iba't ibang istasyon ng pulisya sa Kalakhang Maynila.

Sabi nga ay mukhang nakuha ni Albayalde ang atensiyon ni Pangulong Rodrigo.

Kaya naman siya ang napisil hindi ba na pumalit sa nagretirong si General Ronald 'Bato' dela Rosa para pamunuan ang hanay ng PNP.

Nang inanunsuyo noon ni Duterte si Albayalde bilang next PNP chief, ang kanyang pahayag ay 'the stricter, the better.'

Ang yapak ni Albayalde ay sinusundan sa ngayon ni NCRPO chief General Guillermo Eleazar.

Nagsasagawa na rin si Eleazar ng mga biglaang pagbisita at pagiinspeksiyon sa mga police stations sa Metro Manila.

Nasampolan kaagad ang hepe o commander ng Police Community Precint (PCP) ng CCP complex.

Sinibak ni Eleazar si Chief Inspector Allan Estrada bilang commander ng naturang PCP.

Hindi kasi naabutan sa puwesto itong si Estrada sa biglaang pagbisita ni Eleazar.

Ang pinto ng kuwarto o opisina ni Estrada ay nasa loob ang kandado o ang pagkakasara.

Kaya inakala ng NCRPO chief na mayroong tao sa loob subalit sa kabila ng sunud-sunod na pagkatok ay walang nagbubukas ng pinto.

Sa huli ay nalamang may back door pala kaya nagawang makapasok pero wala roon si Estrada.

Ang mga baril, bala at ilang personal na gamit ni Estrada ang tanging bumungad kay Eleazar.

Paano nga ba ang duty ng isang hepe ng police station o ano siya bilang opisyal na pulis?

Halimbawang sa disoras ng gabi isinagawa ang surprise inspection at hindi naabutan si hepe, sibak na nga ba kaagad ang kakaharapin ng police official?

Nagtatanong lamang po.

Ibig bang sabihin ay 24/7 service at wala ng pahingahan o tulugan?

Kung ganyan ang labanan ay baka naman maraming pulis ang matutong magshabu lalo na ang mga opisyal para palaging gising.

Dahil sinusundan ni Eleazar ang yapak ni Albayalde, ibig sabihin nito ay istrikto rin ang ating kasalukuyang NCRPO chief.

At dahil istrikto ay may posibilidad na maging next PNP chief din si Eleazar.

Hindi naman matatawaran ang husay at senseridad ni Elezar sa pagganap sa kanyang tungkulin bilang isang police official.

# EDITORYAL

## Hatol ay kamatayan



**IKATLO na si Fr. Richmond Nilo sa mga paring napatay mula noong Disyembre ng nakalipas na taon.**

**Pagpapakita at pagpapatunay lamang ito na ang salarin o ang mga kriminal ay lubhang walang sinasanto sa marahas na pagpatay kahit pa alagad ng simbahan.**

**Sa mata o pananaw nila ay mayroong mabigat na kasalanan si Fr. Nilo o ang iba pang pari na napatay na nagawa sa kanila kaya ang hatol ay kamatayan.**

**Ganyan ang batas nila at mabilis ang pagpapalabas ng kanilang desisyon para sa pagpatay.**

**Mayroon silang korte o hukuman para sa sarili nilang paglilitis at kapag napatunayang may pagkakasala sa kanila ay sadyang ilalabas kaagad ang hatol.**

**Ano nga ba ang kasalanan ng mga paring ito upang kagyat na gawaran ng kamatayan?**

**Ito ay seryoso at maselang usapin kaya dapat ay nakatuon ang ating gobyerno upang maiwasan o dapat ay hindi na maulit pa ang pagpatay sa mga pari.**


ADVERTISING RATES

COMMERCIAL --------- P200/col.cm
LEGAL/NOTICES ----- P160/col.cm



HANEP Basahin Mo Ito!

ROMEO S. SANTOS
*Publisher/Editor-in-Chief*

JUNE BILLONES
*Managing Editor*

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*

MARLON BAGUS
*Associate Editor*

ATTY. MELANIO 'BATAS" MAURICIO
ATTY. EUGENIO S. TUMULAK
*Legal Counsel*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa 049 San Antonio 1, Noveleta, Cavite
Contact Nos. 0915-1328753/ 0999-3050106
Email: **ronejed@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**



PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

*Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.* papi

# Museums evolve into educational platforms

**KAWIT, Cavite — The country's historical museums are no longer just a venue of history meant to inspire and educate visitors, but have evolved into interactive classrooms and center stages for special events to gain information and insights.**

National Historical Commission of the Philippines (NHCP) Chairperson Dr. Rene Escalante shared, during Tuesday's reckoning of the 120th year of the country's independence at this town's Aguinaldo Shrine, the various efforts of the NHCP-run museums and shrines here.

These museums now feature an array of activities using multi-media, events and competitions, including international, national and regional conferences to continuously engage and educate the museum goers, community and the public.

As a prelude to the 120th Independence Day events graced by no less than President Rodrigo Roa Duterte, the Museo ni Emilio Aguinaldo (MEA) located at the Shrine's lower ground, organized a lecture-cum-demonstration titled: "Alab ng Puso: Huling Parangal sa Watawat ng Pilipinas."

MEA is one of the three NHCP-managed museums in the Cavite cluster, along with the Museo ni Baldomero Aguinaldo (MBA), which is also located in Kawit; and the Museo ng Paglititis ni Andres Bonifacio (Bonifacio Trial House), which is located in Maragondon town. ***(Gladys Pino- PNA)***



**ACKNOWLEDGING THE EXCELLENCE OF PWD:** Cavite Governor Boying Remulla , together with Vice Governor Jolo Revilla acknowledged the excellence of the Caviteños who have disabilities but outshined their competitors during the PSC-PHILSPADA Philippine National Para Games held on May 12-19, 2018 at Marikina Sports Center. The PWD's have participated and won a total of four gold, seven silver and five bronze medals during the para games. The governor bestowed the certificates of recognition to them during the flagraising ceremonies on June 11, 2018 at the provincial gymnasium in Trece Martires City. The list of persons with disabilities who won in the Para Games and compete in various events which were comprised of shotput, discuss throw, javelin throw, chess and boccia include John Lister Rosano, Arman Subaste , Ara May Cagatin, Camille Alvarado, David Gonzaga, Elyza Marie Tovera, Phoebe Kyla Asis and Polsen Powell Asis. Fourth District Board Members Valeriano Encabo and Rudy Lara were also present during the awarding together with other members of the Sangguniang Panlalawigan **(PICAD)**

## IRESPETO NATIN...

ni Jojo Demetilla



Pansamantalang hindi matutunghayan ang pitak na ito. Paumanhin po

# Obrero sinaksak ng kainuman, patay

NAUWI sa kamatayan ng isang 38-anyos na obrero nang pagsasaksakin ng kanyang kainuman sa kalagitnaan ng kanilang inuman sa Silang, Cavite.

Dead on arrival sa Qualimed Hospital ang biktimang si Mario Teodoro, may-asawa ng San Jose Del Monte, Bulacan dahil sa saksak sa katawan.

Naaresto naman ang suspek na si Samuel Ventuta, 36, may-asawa, obrero ,ng Quintong, San Carlos City, Pangasinan.

Sa imbestiagsyon ni SPO1 Ariel Joseph Vergara ng Silang Municipal Police Station, dakong alas-10:20 ng gabi ay masayang nag-iinuman ang dalawa sa loob ng kanilang barracks sa isang construction site sa Brgy., Ichican, Silang kung saan kapwa sila obrero.

Sa kalagitnaan ng kanilang inuman ay nagkaroon ng palitan ng kuro-kuro na nauwi sa mainitang pagtatalo hanggang sa kumuha ng kutsilyo ang suspek at pinagsasaksak ang biktima.

Isinugod ang biktima sa ospital subalit idineklara itong dead on arrival habang naaresto naman ng mga security guard ang suspek nang tangakin nitong tumakas. **GENE ADSUARA**



LIBU-LIBONG kapatid nating Muslim ang nagtipun-tipon sa Luneta Grand Stand upang sabay-sabay na magdasal sa pagdiriwang ng EIDL FITR AL-MABURAK sa pagtatapos ng RAMADAN nitong Hunyo 15. **(Christian Heramis)**

# CAVITE GOVERNOR WELCOMES PRESIDENT DUTERTE IN THE 120th PHILIPPINE INDEPENDENCE DAY CELEBRATION

**President Rodrigo Roa Duterte was welcomed by Cavite Governor Jesus Crispin C. Remulla on June 12, 2018 at the Aguinaldo Shrine in Kawit for the celebration of the 120th Philippine Independence Day. The president led the flag raising and wreath laying rites in honor of the country's cradle of independence and to the First Republican President General Emilio Aguinaldo who declared our nation's freedom from the Spanish colonial government in June 12, 1898.**

During his speech, President Duterte who was introduced by National Historical Commission of the Philipines (NHCP) Chair Dr. Rene R. Escalante, urged the people to be worthy of the sacrifices of the revolutionary heroes who fought for our freedom.

Likewise, in his message he highlighted how Filipinos must be inspired of lessons from our glorious past to face today's challenges such as poverty, corruption, environmental degradation, terrorism, criminality and illegal drugs. These are current issues of the country which President Duterte wanted freedom from, expressing how serious he is when it comes to resolving such illness of the nation.

The president also underscored that our constitution assures freedom of the press, freedom of assembly and freedom of expression. He also told that his administration will continue to push programs that will end graft and corruption as well as illegal drugs, all for the benefit of the people.

Prior to the program, Rev. Bishop Reynaldo Evangelista of the Archdiocese of Imus led the opening prayer while Kawit Municipal Mayor Angelo Jarin Aguinaldo led the oath of allegiance to the flag and Cavite First District Representative Francis Gerald A. Abaya read excerpts of the declaration of the Philippine Independence.

Among the lined up activities organized by the NHCP and the Provincial Government of Cavite comprised the Pito-Pito exhibit at the Museo ni Emilio Aguinaldo (MEA), job and trade fairs, cultural and musical presentation, and on-the-spot poster making contest at the Aguinaldo Freedom Park.

Other guests who joined the Chief Executive in commemoration of the Philippine independence were Chinese Ambassador to the Philippines Zhao Jianhua, Sec. Bong Go of the Office of the Special Assistant to the President, Vice Governor Jolo Revilla, 3rd District Representative Alex Advincula, 6th District Representative Luis Ferrer IV, Bacoor City Mayor Lani Mercado, City of Gen. Trias Mayor Antonio Ferrer, Kawit Vice Mayor Arman Bernal, Indang Municipal Councilor Crispin Diego Remulla and Cavite Provincial Tourism Officer Rozelle Sangalang and Provincial Information Officer Jo-ann N. Loyola.—**PIC-AD**



**ARAW NG KALAYAAN: President Rodrigo R. Duterte** leads the flag-raising ceremony during the 120th Philippine Independence Day celebration at the Museo ni Emilio Aguinaldo in Kawit, Cavite on June 12, 2018. ***(Richard Madelo/Presidential Photo)***




(Mga kuha ni Romy Santos)

BILANG pakikiisa sa pag-aaral ng mga kabataan ay inilunsad ang programang 'Cabalen para sa Kabataan 2018' sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga bag at school supplies sa mga estudyante ng Delfin J. Jaranilla Elementary School nitong Hunyo 14.




Maayos na pumila ang mga batang mag-aaral sa pagtanggap ng bag at school supplies na handog ng Cabalen.



Masayang nagpakuha ang staff ng Cabalen at pamunuan ng DJJES.



Hindi hadlang para sa napakaraming estudyante ang pagbuhos ng ulan sa pagtanggap ng munting regalo mula sa programang 'Cabalen para sa Kabataan 2018.'



Ang dalawang Grade 1 students na sa kanilang murang edad ay nagpahatid ng pasasalamat sa Cabalen.

# Jasper Concepcion Faledonia kampeon sa Meralco Chess tourney

**NAG kampeon sa katatapos na 1st Meralco Chess Club Youth Rapid Chess Tournament si Philippine Chess wizard Jasper Concepcion Faeldonia makaraang talunin si San Beda University bet Johann Cedrick Gaddi sa seventh at final round kamakailan na ginanap sa Multi-Purpose hall, Meralco Compound, Ortigas Avenue sa Pasig City.**

Nakapagtala si Faeldonia ng 6 wins at 1 loss tungo sa total 6 points, iskor din na naitala nina Ma.Elayza Villa, Antonella Berthe Racasa at Mark Joseph Barbosa. Habang ang 13-years-old Sampaloc, Manila based Faeldonia mula Odiongan, Romblon ang hinirang na over-all winner dahil sa mas mataas ang tie break points ayon kina tournament director FM Leonardo "Leo" Carlos at Chief Arbiter NA Alexander "Alex" Dinoy sa one-day event na nilahukan ng 106 players.

Si Faeldonia ay incoming Grade 8 student ng Arellano University under the watchful eye ni National Master Rudy Ibanez. Naitala ni Faeldonia ang importanteng panalo kontra kina Kylle Czedrick Canque sa first round, Mar Aviel Carredo sa second round, Alexis Vien Sim sa third round, John Andrew Margarito sa fifth round, Cyrus James Damiray sa sixth round bago talunin si Gaddi sa final cantoNatamo niya ang nag-iisang pagkatalo kay Mckertzee Gelua sa fourth round.

Pinangunahan niya ang Arellano University chess team sa silver medal finish sa 2018 Asian Universities Chess Championships (Junior division) nitong Hunyo 2 na ginanap sa Tagaytay International Convention Center sa Tagaytay City.

Si Faeldonia na nahasa ang chess skills kina National Master Rudy Ibanez, National Master Edgardo Garma at 7-times Philippine Executive Champion Dr. Jenny Mayor ay naka schedule katawanin ang bansa sa nalalapit na 19th Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) Age Group Chess Championship slated sa Hunyo 18 hanggang 28, 2018 sa Royal Mandaya Hotel sa Davao City.**(Marlon Bernardino)**



**JASPER FAELDONIA and LEONARDO CARLOS CHESS**
Natangap ni Philippine Chess wizard Jasper Concepcion Faeldonia (kaliwa) ang kanyang cash prizes at trophy kay tournament director Fide Master Leonardo "Leo" Carlos matapos magkampneon sa 1st Meralco Chess Club Youth Rapid Chess Tournament na ginanap kamakailan sa Multi-Purpose hall, Meralco Compound, Ortigas Avenue sa Pasig City. **(MB)**

HANEP SPORTS
EDITOR: Mary Austine V. Nillama
Email add: hanepsports 2017@gmail.com



**GLOBALPORT VS SMB**
NEVER STOP! Hindi inabot ng palpal ni San Miguel Beer center Jun Mar Fajardo ang pa lay up basket ni Stanley Pringle ng Globalport sa maaksyong laro nila sa 2018 PBA Commissioners Cup sa Mall of Asia Arena, Pasay City. unang pagkakataon na binigo ng Globlalport ang Beermen **(RGN)**

# DR. ALFREDO PAEZ NANGUNA SA FIDE SEMINAR SA LAGUNA

Pinangunahan ni Dentist Alfredo Paez ng Cabuyao, Laguna ang sampu pang kalahok sa matagumpay na isinagawa na FIDE (World Chess Federation) Arbiters' Seminar sa Rizmy Hotel, Cabuyao City, Laguna.

Ang two-day (Saturday at Sunday) FIDE seminar ay nagsilbing punong abala ang Cabuyao City, Laguna sa pakikipagtulungan ng National Chess Federation of Philippines (NCFP) , Asian Chess Federation na may basbas ng FIDE. Ang Lecturer ay si IA Casto "Toti" Abundo na sinaksihan naman ni NCFP executive director at Fide Arbiter Red Dumuk na president ng Chess Arbiter Union of the Philippines (CAUP).

"The Seminar will give norms for the FIDE Arbiter title according to the Regulations for the titles of the Arbiters. " ani ng organizing committee.

Ang iba pang lumahok ay sina Atty.Nestor Barbosa ng Naga City, Atty. Elnathan Sunny Emilio ng Quezon City, Allan Pelias ng Wyeth Philippines, City College of Angeles head coach professor Rafael Cayanan, City College of Angeles assistant coach professor Francisco Gabriel Prevandos, Binaluha National High School principal Edwin Cablao ng Cebu, Professor John Marco Balane ng Camsur, Maurillo Haig ng Naga City, sportswriter Almario Marlon Bernardino Jr. ng Barangay Malamig, Mandaluyong City at Nurse Ceferino Gonzales ng Quezon City. **(Marlon Bernardino)**

# Pagcor top player engineer Ravel Canlas handa na at kumpiyansa pa

Ito ang nais iparating ni Philippine Amusement and Gaming Corporation (Pagcor) top player engineer Ravel Canlas sa kanyang nalalapit na kampanya sa pagtulak ng 2018 Alphaland National Executive and Kiddies Chess Championships sa Hunyo 30, 2018 na gaganapin sa Activity Hall, Second Floor, Alphaland Makati Place, corner Malugay Street sa Makati City.

Si engineer Canlas, ang 1996 Shell National Youth Active chess finalist at 2003 Active Chess Center of Asia (ACCA) grand champion ay naka schedule din maglaro sa 2018 Alphaland National Executive Chess Championships Davao leg sa darating na Agosto.

"I have the dedication and discipline and that is why I want to become the best athlete in this 2018 Alphaland National Executive and Kiddies Chess Championships," sabi ni engineer Canlas na pinangunahan ang University of Sto. Tomas Chess Team sa three-peat champion UAAP Mens Senior division ng kanyang college days.

"I am looking forward for it," ani ng Bacoor, Cavite resident engineer Canlas na nasa fifth over-all sa Grand Finals Qualifier 2018 Alphaland National Executive Chess Championships Grand Prix Standings matapos ang five legs.

Ang country's executive players na nakapasok sa top 15 matapos ang five legs ng 2018 Alphaland National Executive Chess Championships Grad Prix Standings ay sina 1. Philippine Executive Chess Association (PECA) founding president Atty. Cliburn Anthony A. Orbe (255 Grand Prix Points), 2. Dr. Jenny Mayor (235 GP), 3. Dr. Alfredo Paez (180 GP), 4. Diwa Learning Systems, Inc. Audit manager Ricky Navalta Ricky Navalta (170 GP), 5. Pagcor top player engineer Ravel Canlas (165 GP), 6. SSS top player Dioniver "Bobot" Medrano (160 GP), 7. National Committee on Disability Affairs (NCDA) Consultant James Infiesto (150 GP), 8.banker Emmanuel Asi (135 GP), 9.Edwin Sison (135 GP), 10.Maynilad Water Services Inc. top gunner Romie Lord Guerra (130 GP), 11. IT expert Joselito Cada (130 GP), 12. Maynilad Water Services Inc. bet Dandel Fernandez (110 GP), 13. National Master Efren Bagamasbad (110 GP), 14. chemist Ritchie Evangelista (100 GP) at San Beda University-Alabang chess coach 15. Chester Caminong (100 GP).

Sa detalye ng 2018 Alphaland National Executive and Kiddies Chess Championships ay mag call o text sa mga mobile numbers: 0918-897-4410, 0935-100-4755, 0915-720-9145 at 0921-272-8172 para sa kumpletong impormasyon. **(Marlon Bernardino)**



**MARLON MANALO BASKETBALL**
ANG mga kabataan na ipinagmamalaki ng Orange Team nagpakuha ng souvenir photo kina Mandaluyong City ABC president at Barangay Malamig chairman Marlon Manalo (ika-4 gawing kaliwa), kagawad Cynthia Caluya (ika-2 gawing kanan) at kagawad Celso Callos (ika-1 gawing kanan) sa matagumpay na pagdaraos ng Marlon Manalo Basketball tournament kamakailan na ginanap sa Barangay Malamig, Mandaluyong City. **(MB)**

# VIPER PROJECT SEEN TO REINFORCE CAVITE'S DISASTER PREPAREDNESS FOR THE BIG ONE

**TRECE MARTIRES, Cavite (PIA) – A province-wide "colloquium" or seminar on the Big One Preparedness was organized creating the "Vulnerability and Impact Reduction for Earthquake in Cavite " or the VIPER project.**

The activity was in collaboration with the Office of Civil Defense-Region 4A, PHIVOLCS, and the Metro Manila Development Authority.

The project formed through the Memorandum of Agreement (MOA) signed by the provincial government of Cavite led by Governor Jesus Crispin Remulla, the Humanitarian Leadership Academy (HLA) and the Adventist Development and Relief Agency (ADRA) is seen to scale up the province's preparation for the Big One.

The Big One refers to the 7.2 magnitude earthquake predicted to hit the Philippines especially Luzon area as a result of the movement of the West Valley Fault.

Aside from the governor, other MOA signatories were Academy Centre Director Diosdado P. Waña and Country Director Thomas John Pignon representing HLA and ADRA, respectively. VIPER project aims to enhance the capacity of the province of Cavite to prepare, respond and operationalize a contingency plan for the Big One and lessen the impacts of disasters on the lives and properties through preparation and planning.

The project has three stages with ADRA being the lead agency of the first stage, heading the overall management of the project. Stage 1 involves development of a contingency plan, facilitation of an effective regular monitoring of the project implementation including the conduct of post activity assessment to measure the achievement of the project, among others.

HLA, on the other hand, will be responsible for Stage 2 in terms of providing technical assistance or engaging the services of a competent local service provider to assist in the implementation of the project which entails partaking in project management team meetings and other consultations related to project implementation.

Meanwhile, the provincial government through its Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO) will handle Stage 3 which is the actual implementation of the developed contingency plan. This will entail the provision of technical assistance or services of a competent local service provider to assist in the implementation of the project stage, in accordance with the law on procurement.

As in charge of Stage 3, PDRRMO will also ensure the dissemination of information regarding the status and updates of the project implementation to program beneficiaries and other relevant stakeholders including the preparation of the Annual Investment Plan (AIP), among other significant tasks provided in the agreement.

Remulla and his partners expressed optimism about the outcome of the project which will be reviewed and assessed to ensure the safety of the province and the neighboring provinces as well. **(Ruel Francisco, PIA-Cavite/with reports from PICAD and PDRRMO)**

---

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
FOURTH JUDICIAL REGION
BRANCH 23
TRECE MARTIRES CAVITE

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND
Mortgagee,
-versus-
FORECLOSURE CASE NO. F-025-18

MARIE ANTHONETTE G. HOWARD,
Mortgagor(s),
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by Mortgagee, HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND, with business address at 14th Floor, JELP Business Solution Center, N0. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City, against the Mortgagor/s MARIE ANTHONETTE G. HOWARD, with residence and postal address at No. 21 Panay St., Philam Life Village, Las Piñas City, Metro Manila to satisfy the mortgage indebtedness which as of October 2, 2017 amounts to TWO HUNDRED FIFTY SEVEN THOUSAND EIGHTY EIGHT PESOS AND 18/100 (P 257,088.18), Philippines Currency including interest and penalty charges as of said date but excluding foreclosure expenses and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on October 17, 2018 at 2:00 o'clock in the afternoon at the main entrance of the Government Center Building, located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following property/ies with all the improvements thereon, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-1215422

"A parcel of land (Lot 22, Block.1 Section 9 of the subdivision plan, Psd-04-105570, being a portion of Section 19, Pcs-04-012289 L.R.C. Record No ), situated in the Barangay Pasong Kawayan, Municipality of Gen., Trias Province of Cavite, Island of Luzon. Bounded on the NE., along line 1-2 by Lot 24 Block 1 Section 9; on the SE., along line 2-3 by Road 9; on the SW., along line 3-4 by Lot 20 Block 1 Section 9; and on the NW., along line 4-1 by Lot 21 of Block 1 Section 9, all of the subdivision plan. Beginning at a point marked "1" on plan. x x x containing an area of THIRTY FIVE (35) SQUARE METERS"

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and place.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on October 24, 2018 without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property/ies and encumbrance thereon if any there be.

Trece Martires City, June 6, 2018.

LUCIO C. ALEJO III
Sheriff IV

COPY FURNISHED:
HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND
14th Floor, JELP Business Solution Center
No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City

MARIE ANTHONETTE G. HOWARD
No.21 Panay St., Philam Life Village
Las Piñas City, Metro Manila

WARNING: It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale

Publication: HANEP June 11, 18 and 25, 2018

---

## BUHAY-KARERA

MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com



## BEAUTIFUL LADY NAGWAGI, ALL THE TIME NAKAREMATE

Isang hugandong panalo ang ipinakita ng kabayong si Beautiful Lady na sinakyan ni Jesse Guce na ngayon ay nasakay na rin sa kuwadra na Haring Baclaran kaya nadagdagan na ang class-A riders sa nasabing kuwadra. Sumegundo kay Beautiful Lady ang kabayong si Absoluteresistance na palaging nagpapakita rin na palaban at may tiyansa lalo na sa 1,400 meters na takbuhan. Nakababa na ng isa pang grupo ang mga kabayong sina Security Choice, Prinz Lao at Princess Ella. Malamang na bumaba na rin ng grupo ang iba pa na sina Airborne Magic at Miss Thrifty, kaya alalay na lamang. Maganda naman ang naipakitang panalo ni Truly Ponti sa kamay ni Unoh Hernandez na talaga namang nagpapakitang gilas sa mga koneksiyon. Hindi nakatagal sa ayre nila ang lumaban ng matindi sa bentahan na si Anino, kaya tinalo pa iyan nina Exhilarated at Daiquiri Lass. Sa penultimate race ay biglaan na lamang bumulaga sa gawing gitna ang rumemateng si All The Time sa bumandera na sanang si Atinkupung Singsing ni Francis Ortiz, na biglang nanghina na tila baga may nararamdaman kaya umigsi ang bawat hakbang. Dumating na segunda si Palatandaan at tersera ang laging palaban na si Dance Lively. Sa huling takbuhan ay nakalusot naman ang paboritong si Chinggis ni Mart Gonzales laban kina Zophany Dane ni Sadam Pilapil at bumandera si Sumilon Island ni John Alvin Guce.

---

## USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## Karera ng kamatayan

USO pa rin pala ang drag racing o kung tawagin ng karamihan ay karera ng kamatayan.

Isa naman talaga sa posibilidad na kahahantungan ng ganitong uri ng karera ay ang pagbuwis ng buhay.

Karera, ibig sabihin ay pabilisan o patulinan sa pagpapatakbo depende kung ano mang uri ng behikulo.

Puwedeng sasakyan at maaari rin na single motorcycle pero alam naman natin na mas ginagamit ang motorsiklo sa drag racing.

Siniset-up ng mga karerista ang kani-kanilang single motorcycle upang gumanda ang hatak nito at makakayang humarurot nang ubod tulin.

Bakit nga ba mayroong nahihilig sa drag racing at tila ang kamatayan ay hindi nila alintana.

Sabihin na nating hindi man humantong sa kamatayan pero maaaring humantong sa kapahamakan.

Sabi nga ay kung hindi sementeryo pupulutin ay malamang sa ospital.

Kaya napapag-usapan natin ang paksang ito ay dahil kamakailan ay tatlong katao ang naaresto ng Dasmarinas City Police.

Hindi lang basta drag racing bagkus ay may kaakibat na pustahan pa.

Ganyan naman talaga kaya nga sila magkakarerahan ay dahil sa pustahan.

Kinasuhan ng paglabag sa B.P. 33 (Drag Racing of Motorcycle) ang tatlong karersita na sina Reinel Mercado, 19, estudyante;

Christian Tatay, 20, mekaniko; at Mark Jacine Meralles, 23, negosyante, pawang residente ng naturang lungsod.

Sa Quezon City at Bulacan dati ay pamoso ang drag racing, hindi lang natin batid kung nagpapatuloy pa rin ito.

May mga nakausap nga tayo dati na residente ng Quezon City, minsan pagsapit ng madaling-araw ay naalimpungatan daw sila.

Kung bakit? Iyon ay dahil sa napakaingay na pagrerebolusyon ng gas at kasunod ay ang pagarangakada na ng mga sasakyang kasali sa karera.

Hindi naman maikakaila dahil halata at makikita ang bakas ng mga gulong ng mga sasakyan sa kalsada.

Hindi lang mga sasakyan ang nagkakarera, hindi ba dati ay napaulat na maging mga pamasadang tricycle ay 'adik' din sa drag racing.

Sa Bulacan naman ay may ilan nagsasabi na minsan ay mga kasamang babae ang pustahan sa drag racing.

Mas nakakalamang noon sa Bulacan na single motorcycle ang nagkakarera.

Kayong mga mahilig sa drag racing, mag-iba na kayo ng linya dahil kamatayan ang inyong pinagpupustahang karera.

Payo lamang po!



# INA ALEGRE, NAKARAMDAM NG PAGKAILANG NANG YAKAPIN

NAKAKATUWANG magkuwento si Ina Alegre tungkol sa kanyang naranasan.

Medyo nakaramdam si Ina ng pagkailang nang yakapin siya ni Alfred Vargas.

Kung bakit ay dahil matagal din nawala sa sirkulasyon si Ina at heto at muling pumaindayog sa showbiz.

Ang pagyakap ni Alfred kay Ina ay bahagi ng kanilang pelikulang 'Men in Uniform' na ang mag-asawa ang papel na ginampanan nila.

Pero hindi lang naman si Ina ang nakaramdam ng pagkailang dahil maging si Alfred ay ganoon din.

Ang dalawa ay kapwa nasa larangan na rin ng pagbibigay serbisyo publiko.

Si Alfred ay isang mambabatas o kinatawan mula sa Quezon City habang si Ina ay kasalukuyang vice mayor ng Pola, Oriental Mindoro.

Iyon ang dahilan kaya

## HANEP SHOWBIZ



nawala sa mundo ng showbiz si Ina na sadya namang hindi inaasahan ng aktres na mapapalaot siya sa pulitika.

Pero in fairness ay effective politician si Ina dahil sa mga matagumpay na proyekto nito.

Nariyan ang mga programa para sa mga senior citizen at scholarship na nakalaan naman sa mga kabataan.

Nakatutok din si Ina sa proyektong pangkabuhayan at iba pa.

Nagkaloob din ng libu-libong sapin sa paa o tsinelas si Ina sa mga nasasakupan niya.

Kaya naman loves na loves si Ina ng kanyang mga kababayan at super happy sa pagbabalik sa showbiz ng kanilang iniidolong bise alkalde.

Si Ina naman ay hindi maipaliwanag ang saya sa pagbabalik sa industriya.

Enjoy si Ina kaya nga lamang ay talagang hindi naiwasan ang 'ilangan blues' sa pagitan nila ni Alfred sa nasabing pelikula dahil matagal-tagal din siyang hindi humaharap sa camera.

Mabuhay ka Vice Mayor Ina, hindi ka lamang mahusay na artista bagkus ay mahusay ka ring pulitiko.

Speaking of politics, papasukin nga ba kaya ni Agot Isidro ang mundong pinasukan nina Alfred, Ina at iba pang artista?

Sa ngayon ay sinasabi ng actress/singer na mas prayoridad pa rin niya ang paggawa ng pelikula.

Meaning ay mas masaya at mas hinahanap ni Agot ang sarili sa mundo ng showbiz.

Pero 'ika nga ang lahat ay umiikot kaya baka sakaling magbago pa ang isip ni Agot.

Tama ba Ms. Agot?

Kung susuriin din naman ang pahayag ni Agot ay wala namang payak pang kasagutan o pagpapasya.

Hindi ba napipisil ni Senator Kiko Pangilinan na siyang pangulo ng Liberal Party si Agot para sa kanyang coalition senatorial ticket.

Nakikitaan kasi ni Pangilinan itong si Agot ng katapangan at ang pagiging 'very opinionated.'

Alam naman natin na isa si Agot sa kilalang kritiko ni Pangulong Rodrigo Duterte.

Wait and see na lamang tayo next year kung tatakbo nga ba o hindi si Agot bilang senador.

Congratulations nga pala kay Agot bilang best actress sa katatapos na 66th Filipino Academy of Movies Arts and Sciences (FAMAS) Awards para sa pelikulang 'Changing Partners' na kanyang ginampanan.



# Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

**(ika- 69 labas)**

SA paglipas ng mga araw ay sadyang may malaki ng pagkakaiba at pagbabago.

Kung dati ay sa mga motel o hotel humahantong ang pagkikita ng dalawa, iba na sa ngayon.

"Shower ka muna at kumain bago ka umalis ha. Masarap 'yang niluto ko."

Nalunod na talaga si Kardo dahil nagagawa na niya na minsan ay doon na kina Lyka nakikitulog.

Hindi na sila nagpupunta pa sa kung anong mga lugar para lamang sa kanilang pagniniig.

Sa mga unang bugso ang usapan ng dalawa ay isang beses lamang sa loob ng isang linggo magpupunta at matutulog si Kardo kina Lyka.

Pero kalaunan ay humantong na sa twice a week ang pagpunta at pagtulog doon ni kapitan.

"Bakit 'di ka na naman nakauwi kagabi? Pagod ka malamang kaya magpahinga ka muna."

"Pero kung kaya mo eh kumain ka muna bago ka magpahinga at matulog."

Kampante si Kardo na wala pa ring nalalaman o hindi nakakahalata ang kanyang misis na si Inday.

Ginagamit ni Kardo ang kanyang pagiging kapitan ng barangay sa bawat alibi o dahilan niya kay misis.

Medyo malaki na rin ang anak nina Kardo at Inday na isa sa pinagkakaabalahan ng kanyang asawa.

Bukod pa na si Inday na rin ang halos nagaasikaso at nagpapatakbo ng kanilang groserya na dati ay si Kardo.

Si Lyka ang gumawa ng unang kasunduan nila na once a week lang ang pagkikita at pagsasama.

Pero kalaunan ay muling humiling si Lyka na gawing twice a week.

Hindi naman tumanggi si kapitan at talagang ipinahiram na niya ang kanyang oras kay Lyka.

Natutong magsinungaling si Kardo at naging bihasa sa pangangarinyo at pakikipagplastikan.

"Ano? Bakit 'di ka na makakapunta sa akin kahit isang beses sa isang linggo ha 'kap?"

(Itutuloy)

# MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

**(ika-68 labas)**

SADYANG minabuti muna ni Dagul na hindi banggitin sa kanyang dating propesor ang tungkol sa kaso ng pagkamatay ng ama niya.

Bigla kasing may kung anong kutob at kaba na pumasok sa kanyang isipan.

Kung tutuusin ay close siya sa dating propesor na alam niyang mahusay ding abogado.

Walang sinayang na mga panahon si Dagul at talagang nagsaliksik siya.

Nagsagawa si Dagul ng kanyang mga sariling pag-iimbestiga at kumalap ng mga matitibay na ebidensiya.

Kumbaga sa sundalo ay kargado at puno na ng mga matataas na uri ng kalibre si Dagul upang sumabak sa digmaan.

Hindi lamang ang malalakas na klase ng armas ang sandigan ni kundi pati ang mahirap na mga pagsasanay na pinagdadaan tulad ng ginagawa ng bawat sundalo.

"Kailangang manaig ang hustisya at dapat ay matamo ng pamilya ang katarungan."

Nang ganap ng plantsado o maayos na ang lahat ay iniakyat na ni Dagul sa korte ang kaso.

At dumating na ang araw ng paghaharap ng magkalabang panig para sa paglilitis.

Hindi inaasahan ni Dagul na ang makakatunggali niyang abogado ay ang kanyang dating propesor.

Walang takot subalit aminado si Dagul na nailang siya dahil batid naman niya ang kalidad ng dati niyang propesor bilang isang beteranong abogado.

Kumpara sa kanya na bagitung-bagito at ang kaso ng ama niya ang kanyang unang hahawakan at ipaglalaban sa hukuman.

Simple lang ang ibinigay na pagbati ni Dagul sa dating propesor niya bago pa man magsimula ang hearing.

Ipinababatid lamang ni Dagul na dapat ay ang katotohanan ang kailangang manaig upang maibigay ang hustisya sa nararapat.

"Panyero, after nitong hearing baka pwedeng magkausap tayo for lunch only."

Binulungan si Dagul ng kanyang dating propesor at nagulat siya nang tawaging panyero.

Totoo naman na panyero ang tawagan ng mga kapwa abogado subalit hindi inaasahan iyon ni Dagul.

(Sundan)

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
FOURTH JUDICIAL REGION
BRANCH 23
TRECE MARTIRES CAVITE

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND
Mortgagee,

-versus-
FORECLOSURE CASE NO. F-072-18

JONATHAN M. ABRAHAM,
Mortgagor(s),
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by Mortgagee, HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND, with business address at 14th Floor, JELP Business Solution Center, N0. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City, against the Mortgagor/s JONATHAN M. ABRAHAM, with residence and postal address at #148 A. Capt. Joaquin Luna St., Ligtong 2, Rosario, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of October 9, 2017 amounts to ONE HUNDRED NINETY TWO THOUSAND FIFTY TWO PESOS AND 04/100 (P 192,052.04), Philippines Currency including interest and penalty charges as of said date but excluding foreclosure expenses and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on October 17, 2018 at 2:00 o'clock in the afternoon at the main entrance of the Government Center Building, located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following property/ies with all the improvements thereon, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-1157826

"A parcel of land (Lot 4, Blk.11, of the cons., subd. plan, Psd-04-01688, being a portion of Lot 1949 of San Francisco de Malabon Estate, Rs-04-002555, L.R.C. Record No. 5964), situated in the Barangay of Pasong Camachile, Mun. of Gen. Trias, Prov. of Cavite. Bounded on the SE., along line 1-2 by Lot 2; on the SW., along line 2-3 Alley 19; on the NW., along line 3-4 by Lot 6; on the NE., along line 4-1 by Lot 3 all of the subd. plan. Beginning at a point marked "1" on plan. x x x containing an area of THIRTY SIX (36) SQUARE METERS"

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and place.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on October 24, 2018 without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property/ies and encumbrance thereon if any there be.

Trece Martires City, June 6, 2018.

LUCIO C. ALEJO III
Sheriff IV

COPY FURNISHED:
HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND
14th Floor, JELP Business Solution Center
No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City

JONATHAN M. ABRAHAM
#148 A. Capt. Joaquin Luna St.,
Ligtong 2, Rosario, Cavite

WARNING: It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale

Publication: HANEP June 11, 18 and 25, 2018

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
FOURTH JUDICIAL REGION
BRANCH 23
TRECE MARTIRES CAVITE

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND
Mortgagee,
-versus-

FORECLOSURE CASE NO. F-073-18

JOSELITO U. ALDABA
married to ESPERANZA C. ALDABA,
Mortgagor(s),
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by Mortgagee, HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND, with business address at 14th Floor, JELP Business Solution Center, N0. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City, against the Mortgagor/s JOSELITO U. ALDABA married to ESPERANZA C. ALDABA, with residence and postal address at Lot 11 Block. 22, Lhinette Homes, Sanja Mayor, Tanza, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of October 25, 2017 amounts to TWO HUNDRED FIFTY NINE THOUSAND FOUR HUNDRED SIXTY SIX PESOS AND 43/100 (P 259,466.43), Philippines Currency including interest and penalty charges as of said date but excluding foreclosure expenses and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on October 17, 2018 at 2:00 o'clock in the afternoon at the main entrance of the Government Center Building, located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following property/ies with all the improvements thereon, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-1038677

"A parcel of land (Lot 11, Blk.22, of the subd. plan, Psd-04-101715, being a portion of Lot 1883, SCDM Estate, Rs-04-002462, situated in the Barangay of Sanja Mayor, Mun. of Tanza, Province of Cavite, Island of Luzon. Bounded on the NW., along line 1-2 by Lot 27, Blk.22; on the NE., along line 2-3 by Lot 12, Blk. 22; on the SE., along line 3-4 by Lot Alley 15; and on the SW., along line 4-1 by Lot 10 of Blk.22, all of the subd. plan. Beginning at a point marked "1" on plan. x x x containing an area of THIRTY SIX (36) SQUARE METERS"

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and place.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on October 24, 2018 without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property/ies and encumbrance thereon if any there be.

Trece Martires City, June 6, 2018.

LUCIO C. ALEJO III
Sheriff IV

COPY FURNISHED:
HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND
14th Floor, JELP Business Solution Center
No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City

JOSELITO and ESPERANZA C. ALDABA
Lot 11 Block. 22, Lhinette Homes ,
Sanja Mayor, Tanza, Cavite

WARNING: It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale

Publication: HANEP June 11, 18 and 25, 2018

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
FOURTH JUDICIAL REGION
BRANCH 23
TRECE MARTIRES CAVITE

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND
Mortgagee,
-versus-
FORECLOSURE CASE NO. F-026-18

IRENE B. PILAPIL
married to DELFIN D. PILAPIL,
Mortgagor(s),
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by Mortgagee, HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND, with business address at 14th Floor, JELP Business Solution Center, N0. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City, against the Mortgagor/s IRENE B. PILAPIL married to DELFIN D. PILAPIL, with residence and postal address at Lot 5 Block. 46, ACM Paramount Homes, Navarro, Gen. Trias, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of October 2, 2017 amounts to TWO HUNDRED FOURTEEN THOUSAND THREE HUNDRED SIXTY TWO PESOS AND 04/100 (P 214,362.04), Philippines Currency including interest and penalty charges as of said date but excluding foreclosure expenses and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on October 17, 2018 at 2:00 o'clock in the afternoon at the main entrance of the Government Center Building, located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following property/ies with all the improvements thereon, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-1095576

"A parcel of land (Lot 5, Blk.46, of the subd. plan, Psd-04-104526, being a portion of Lot 1742 S.F.M. Estate, Rs-04-002673, LRC Rec. No. 5964) situated in the Barangay of Navarro, Mun. of Gen. Trias, Province of Cavite, Island of Luzon. Bounded on the NW., along line 1-2 by Lot 21, Blk. 46; on the NE., along line 2-3 by Blk. 73 (Irrigation Canal), on the SE., along line 3-4 by Lot 4, Blk.46; and on the SW., along line 4-1 by Rd. Lot 9 (6.50 m. wide), all of the subd. plan. Beginning at a point marked "1" on plan. x x x containing an area of FORTY NINE SQ.M. & SEVENTY SQ.DEC. (49.70) x x x

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and place.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on October 24, 2018 without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property/ies and encumbrance thereon if any there be.

Trece Martires City, June 6, 2018.

LUCIO C. ALEJO III
Sheriff IV

COPY FURNISHED:
HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND
14th Floor, JELP Business Solution Center
No. 409 Shaw Boulevard, Mandaluyong City

IRENE B. PILAPIL
married to DELFIN D. PILAPIL
Lot 5 Block. 46, ACM Paramount Homes,
Navarro, Ge. Trias, Cavite

WARNING: It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale

Publication: HANEP June 11, 18 and 25, 2018

CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo**
**sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St.**
**corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza**
**Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/**
**0918-6174067**

# 6 COMMERCIAL ESTABLISHMENTS SA BISINIDAD NG NPDC, IPINASARA

**Ipinasara ni National Parks Development Committee (NPDC) executive director Penelope Belmonte ang anim na commercial establishments na nag-ooperate sa bisinidad ng NPDC sa kabila nang ito ay bawal.**

Ang mga ito ay ang KSquared Box, To Go, Cindy's, Inasal sa Grandstand, Printing Shop at Wendy's, na aniya ay natapos na ang mga kontrata, walang kontrata o di kaya ay nagpapaupa pa, sa kabila nang ang lahat ng ito ay bawal. Apat pang establisimiyento ang pinag-aaralan ding ipasara dahil sa parehong paglabag.

Ayon kay Belmonte, ang national parks ay 'beyond the commerce of man' at ang ibang establisimiyento na pag-aari pa ng banyaga ay nagawang makakuha ng kontrata noon pa.

Aniya, ang NPDC ay hindi 'income-generating agency' o wala sa mandato nito ang kumita ng pera kung kaya't ipinatanggal niya ang singil sa mga palikuran at ilang mga atraksyon sa loob ng Rizal Park.

'The NPDC is tasked to develop, administer, and manage the Rizal Park in Ermita and the Paco Park in Paco, Manila and not to make money. The focus is to serve its mission as the lead agency that will provide fully-developed and well-maintained parks for the Filipinos' wholesome recreation and socio-cultural education, aimed at contributing towards the enrichment of national identity and heritage through partnership with the community and non-governmet organizations,' ani Belmonte.

'As an attached agency of the Department of Tourism (DOT), the NPDC shall support programs and projects implemented by the DOT in its promotion of inclusive growth and wide distribution of economic benefits through the tourism industry,' dagdag pa nito.**(leonard basilio)**



Pinulong ni DOH-CALABARZON Regional Director Eduardo C. Janairo ang mga regional at provincial staff upang bigyan ng mga kaukulang instructions sa pagpapanatili ni 'code white alert' kaugnay ng naranasang patuloy na pag-uulan nitong nakaraang linggo na dulot ng habagat. **BOY NAMORA**



SINA Vice President Maria Lourdes Robredo at G. Ludovico Badoy, ng Historical Commission, ang nanguna sa pagdiriwang ng ika-120 taong pagdiriwang ng Araw ng Kasarinlan ng Pilipinas. **(Christian Heramis)**



PATAY ang dalawang kilabot na holdaper na lulan ng isang motorsiklo makaraang hindi huminto at makipagbarilan sa nakalatag na 'Oplan Sita' ng mga tauhan ni MPD PS11 commander Supt. Santiago Pascual sa pinagsanib na pwersa nina J.Luna PCP C/Insp. Alden Panganiban, Gandara PCP C/Insp. Anthony Sy at Station Tactical Motorcycle Riders(TMR) sa Muelle de Banco, Binondo, Maynila. Personal na kinilala ng isang babaeng biktima ang nanlaban na riding in tandem na holdaper at nabawi ang kanyang mahalagang gamit na kinulimbat ng mga suspek.**(BRIAN GEM BILASANO)**



**MONDRAGON TOP OPERATIVES STRIKES AGAIN!** PATAY ang isang tulak ng droga na nakilalang si alyas Jowel 46-anyos na nagbebenta ng shabu sa Villalobos St. Quiapo, Maynila makaraang manlaban sa mga tauhan ni Supt. Julius Cesar Domingo sa pangunguna ni PS3 Plaza Miranda PCP C/Insp Leandro 'Mondragon 'Gutierrez at kanyang operatiba kung saan arestado ang isang babae na talamak na systemador ng droga ng suspek at nasamsam ang P5K buy bust money, ilang sachet ng shabu, kalibre .38 na baril at mga basyo ng bala sa naganap na enkwentro.**(BRIAN BILASANO)**



**DEAD ON THE SPOT** ang dalawang tulak ng droga na riding in tandem makaraang makipagbarilan at makipaghabulan sa mga operatiba ni MPD Station 1 commander Supt Jay Dimaandal nang makatunog na pulis ang posseur buyer na kanilang katransaksyon sa isinagawang buy bust operation sa Tondo, Maynila. Mabilis na rumesponde sa enkwentro si C/Supt. Rolando Anduyan, bagong district director ng MPD, upang siguruhin na walang napahamak o nasaktan sa mga tauhan nito at para rin masiguro na walang paglabag ang kanyang kapulisan kaugnay sa karapatang pantao.**(BRIAN GEM BILASANO)**



BUMULAGTANG walang buhay ang isang suspek habang dead on arival naman sa pagamutan ang kasama nitong holdaper na kapwa lulan ng isang walang plakang motorsiklo makaraang makipagbarilan sa isinagawang follow-up operation ng kapulisan ng MPD PS4 sa pamumuno ni Supt Andrew Aguirre nang maholdap ang isang biktima sa Sampaloc, Maynila, pinaputukan rin ng riding in tandem ang mobile patrol car M-418 ng naturang prisinto sa naganap na enkwentro.**(BRIAN GEM BILASANO)**

# NANGYARING KAGULUHAN SA KAWIT, OKS LANG KAY DIGONG

**MAITUTURING na hindi big deal o isang problema ang nangyaring kaguluhan sa Kawit, Cavite kamakailan dahil para kay Pangulong Rodrigo Duterte ay oks o ayos lamang umano iyon.**

Matatandaang inaresto ng Kawit Police ang isang miembro ng Bayan Southern Tagalog dahil sa panggugulo sa ika-120 anibersaryo ng Kasarilan sa Aguinaldo Shrine sa Kawit, Cavite nitong Hunyo 12.

Kinilala ni Sr. Supt William Segun, Cavite Provincial Police Director, ang naaresto na si Francis Rafael ng Binan, Laguna habang natakakas umano ang 9 pa nitong kasamahan.

Kasong paglabag sa Article 153 ng Revise Penal Code o Disturbance of Peace ang kinaharap ni Rafael na ipiniit sa Kawit Custodial Center.

Pangnahing pangdangal si Digong sa nasabing okasyon at sinabi nito na okey lamang ang ginawa ni Rafel at ng Bayan Southern Tagalog.

Ayon sa Punong Ehekutibo, bahagi ito ng freedom of expression.

"Hayaan mo lang, it's a freedom of speech, we cannot understand each other but that is a common denominator and that is love of country," ani Duterte.

"Nobody but nobody can ever question sa pagmamahal ko sa bayan" ayon pa sa Pangulo.

Subalit ayon naman kay Segun, na bagama't lusot sa freedom of expression si Rafael ay kailangan pa rin nitong harapin ang paglabag sa Article 153 o panggugulo sa matiwasay na programa o sa bahagi ng naturang selebrasyon. **GENE ADSUARA**

# Holdaper, todas sa Carmona

PATAY ang isang di-nakikilalang suspek na nakipagbarilan sa rumespondeng pulis matapos na manghablot ng bag sa isang babaeng nag-aabang ng masasakyan sa Carmona, Cavite

Inaalam pa ng pulisya ang pagkakakilanlan sa suspek na namatay noon din sanhi ng tama ng bala sa kanyang katawan.

Sa report ni PO3 Marlon Ramirez ng Carmona Municipal Police Station, dakong alas-10:30 ng gabi nang naganap ang insidente sa Governor's Drive Brgy., Cabilang, Baybay, Carmona.

Sa salaysay ng biktima na si Maricel Olan, 33, ng Southwooods Road, Brgy., Cabilang Baybay, naghihintay siya ng jeepney sa nasabing lugar nang laiptan ng suspek.

Puwersahang inagaw ang kanyang shoulder bag na naglalaman ng P1,000 cash at My Phone cellphone at saka tumakas sa direksiyon ng GMA, Cavite ang suspek.

Humingi ng saklolo ang biktima kung saan nagsagawa ng follow up operation at naabutan ang suspek sa Southwoods na papatakas subalit nang tangkaing arestuhin ay pinaputukan niya ang mga awtoridad kaya ginantihan din siya ng putok na nagresulta sa agarang pagkamatay nito. **GENE ADSUARA**

# Namumutol ng kawad ng kuryente, arestado

INARESTO ng Bacoor City police ang isang 39-anyos na lalaki matapos na putulin at nakawin ang kawad ng kuryente ng street light na nagresulta sa pagkawala ng ilaw sa Dasmarinas City, Cavite.

Kasong paglabag sa P.D 1612 (Anti Fencing) at direct assault upon agent of person in authority ang inihandang kaso laban sa suspek na si

Christopher Libre, alias Crist, Toto at CIS, binata, walang trabaho ng Blk 36 Lot 5 Brgy. Area East Queens, Row, Bacoor City, Cavite.

Sa reklamo nina Jolieto Baja, 22, James Ryan Reyes, 40, at Eduardo Epila, 29, pawang barangay tanod at mga residente ng Brgy.Queens Row Area East Bacoor City kay PO3 Edison Fetalcurin ng Dasmarinas City Police Station na nakatangap sila ng mga reklamo hinggil sa pagkawala ng linya ng kuryente ng street light sa kanilang

lugar dahil sa mga naputol na linya o kawad.

Dahil dito, nagmanman ang mga barangay tanod kung saan dakong ala-1:30 ng madaling araw nang naaktuhan nila ang suspek na nirorolyo ang

may 10 metro na kawad ng kuryente at inilagay sa kanyang bagpack.

Dahilan upang ito ay arestuhin subalit nagtangka lumaban at tumakas pero agad na nagresponde ang Bacoor City police na nagresulta sa

kanyang pagkakaresto. **GENE ADSUARA**

# HANEP

Basahin Mo Ito!

KALIBRE



ROMY SANTOS

0977-7844136

## Paglilinaw lamang po

MAY pagkakataon talaga na tayo ay nakakarinig ng kung anong klaseng balita.

Kayo po ay malamang na minsan ay nakakaranas na may balitang makakarating sa inyo.

Dalawa lang naman iyan, puwedeng good news o kaya naman ay masamang balita.

Kagaya sa akin, may nagsabi na pilit ko raw kinukuha ang contact number ng isang kapwa ko publisher.

Ang dahilan daw ay may nais akong malaman, itanong o kumpirmahin doon sa publisher na kagaya ko.

Natawa nga lamang ako eh, kasi po ay mayroong gumagamit ng aking pangalan.

Pinatatanong ko raw ang contact number ng isang kapwa ko publisher.

Kung sino man siya o sila, kokomprontahin din kita o kayo sa sandaling kumpirmado na ang lahat o talagang napatunayan ko na.

Pero paglilinaw lamang po, hindi naman bastabasta naniniwala ang inyong lingkod sa sabi-sabi o tsismis.

Ang taong naniniwala sa sabi-sabi ay walang bait sa sarili, hehehe tama po ba?

Ibig pong sabihin nito ay hindi rin ako basta agad naniniwala sa kung ano mang balitang nakakarating sa akin.

Isa pa pong paglilinaw, kung ako man ay mayroong sadya o pakay sa sino mang kapwa ko publisher o maging sa mga kabaro ay ang inyong lingkod mismo ang lalapit at personal na makikiharap at makikipagusap.

Tiyak naman na nakakakita o nakakabasa kayo ng mga post sa facebook, hindi ba mayroong nakalagay doon na dapat ang mga tsismosa o tsismoso ay bigyan na rin ng mabigat na kaparusahan.

Sang-ayon po ba kayo roon?

Payo lamang po, 'wag basta naniniwala sa tsismis bagkus ay maging mapanuri.

Para sa mga gumagawa ng mga tsismis o hindi magandang balita, itigil na ninyo ang ganyang pag-uugali dahil kabilang kayo sa mga salot ng lipunan.

Maihahalintulad sa droga na unti-unting sumisira at lumalason ng isipan ng kapwa.

**PINATAY NA JUDGE**

Iba talaga basta tungkol sa lupa ang nasasangkot, sadyang humahantong sa karahasan na nauuwi sa pagpatay.

Si Judge Ricky Begino ng Metropolitan Circuit Trial Court ng San Jose-Lagonoy, Camarines Sur ay pinatay sa pamamagitan ng pamamaril.

Naaresto at maayos namang sumama sa mga awtoridad ang 72-anyos na suspek na si Wilfredo Armea, ng Zone 3, Barangay Santa Maria, Presentacion, Camarines Sur.

Pinatay si Judge dahil sap ag-aari nitong 8-hectare farmland sa Barangay Bicaben, Presentacion subalit inaangkin ng suspek bilang siya ang may-ari ng lupa.

Kanino nga ba ang lupa?

Basta ang moral lesson dito ay 'wag mangaangkin nang hindi pagaari.

Lupa man o kahit anong bagay at kahit tagumpay o achievement.

Mayroon kasi na tagumpay ng tunay na nagtagumpay subalit inaari ng iba.

Hanep, 'petmalu 'wag kayong ganyan.



**PGC INTENSIFIES EFFORTS ON HEALTH PROGRAMS:** The Provincial Government of Cavite thru the OPG-Extension Office in coordination with the Provincial Health Office once again intensified its efforts to provide free health care services through the conduct of another medical and dental mission on June 9, 2018 at San Marino Square, Barangay Paliparan1, Dasmariñas City, Cavite. Team of volunteers comprised of local health workers, provincial government employees, and a private practitioner assisted doctors and dentists from General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital who provided adult consultation, dental check-ups and tooth extraction to 254 residents. The people also received medicines, vitamins, massage and haircut for free. On behalf of the beneficiaries and other local officials, Barangay Councilor Joan P. Dimaranan thanked the governor for his unending support to reach out for his constituents.**(PICAD)**